AP 7

HEOGRAPIYA AT SINAUNANG KASAYSAYAN

Kumusta ka self?

MASAYA



MALUNGKOT



PAGOD NA



EXCITED

BALITAAN TIME!

ARALIN 4:

ANG SINAUNANG LIPUNAN SA PAGKAKAMAG-ANAK, PAMILYA AT KASARIAN TIMOG-SILANGANG ASYA

TARGET NG PAMPAGKATUTO:

- Maipaliwanag ang konsepto at katangian ng kinship sa sinaunang lipunan ng Timog Silangang Asya.
- Matukoy ang iba't ibang uri ng estruktura ng pamilya sa sinaunang Timog Silangang Asya.
- Matukoy ang papel ng babae at lalaki sa sinaunang lipunan ng Timog Silangang Asya.

SESYON 1:

PAGKAKAMAG-ANAK (KINSHIP)

KINSHIP

Ang kinship ay tumutukoy sa ugnayan ng mga tao sa:

- Dugo (Consanguinity)
- Kasal (Affinity)
- Tradisyon



ISIPIN MO...

Pare-pareho kaya ang paraan ng pagkakamag-anak noon at ngayon?



VS

MAHALAGA BA ANG PAGKAKAMAG-ANAK (KINSHIP) SA LIPUNAN NATIN NOON AT NGAYON?

Kahalagahan ng Kinship:

- Nagbibigay ng pagkakakilalan
- Nagpapasya ng mana
- Nagtatakda ng responsibilidad
- Nakakaapekto sa pamumuno

DALAWANG URI NG KINSHIP SYSTEM

Dalawang uri ng kinship system

Patrilineal

Sa sistemang patrilineal, ang **ama ang itinuturing na pangunahing pinagmumulan ng angkan**. Karaniwang:

- Ang **apelyido ng ama** ang ginagamit ng mga anak.
- Ang **mana** ay kadalasang ipinapasa sa mga **anak na lalaki** o sa linya ng ama.
- Ang **pagiging pinuno** o posisyon sa pamilya ay maaaring maipasa sa **anak na lalaki**.

PATRILINEAL

Mana at apelyido mula sa ama.



Matrilineal

Matrilineal ay isang sistema ng kinship na kung saan ang angkan, mana, at pinagmulan ng pamilya ay **sinusundan sa linya ng ina**.

- Ang mana o ari-arian ay maaaring **ipasa sa mga anak na babae o sa mga kamag-anak sa panig ng ina**.
- Mahalaga ang papel ng ina at ng kanyang angkan sa pamilya at lipunan.


Ama
Ina

MATRILINEAL
Mana at apelyido mula sa ina.

SESYON 2:

ESTRUKTURA NG PAMILYA

PAMILYA

- Ito ay tumutukoy sa **pangkat ng mga taong magkakaugnay sa dugo, at batas.** Karaniwan itong binubuo ng mga magulang, anak, at iba pang kamag-anak.
- Ang pinakamaliit ngunit pinakamahalagang pangkat sa lipunan.

ESTRUKTURA NG PAMILYA SA TIMOG-SILANGANG ASYA

Nuclear Family

- Ito ay isang uri ng pamilya na binubuo lamang ng: Ama, Ina at (mga) anak.

Katangian:

- Mas maliit ang bilang ng mga miyembro
- Ang mga magulang ang pangunahing tagapagtaguyod, tagapag-aruga, at gumagabay sa mga anak.

Extended Family

- Ito ay isang uri ng pamilya na binubuo ng nuclear family kasama ang iba pang mga kamag-anak.

Katangian:

- Mas marami ang miyembro
- Pinahahalagahan ang pagtutulungan, pagkakaisa, at paggalang sa nakatatanda.
- Maaaring magkakasamang naninirahan sa iisang bahay o magkakalapit na tirahan.
- Karaniwan ito sa maraming bansa sa Timog-Silangang Asya, kabilang ang Pilipinas.

Clan-Based Family

- Ito ay isang estruktura ng pamilya kung saan ang angkan (clan) o malaking pangkat ng mga magkakamag-anak ang sentro ng pagkakakilanlan, suporta, at mga desisyon.

PAGHAHAMBING

	NUCLEAR FAMILY	EXTENDED FAMILY	CLAN-BASED FAMILY
BINUBUO NG	Magulang at anak	Kasama ang kamag-anak	Buong angkan
LAKI NG PAMILYA	Mallit	Mas malaki	Pinakamalaki
PAGPAPASYA	Magulang	Magulang at nakakatanda	Pinuno ng angkan

Dola AI

Single-Parent Family

- Binubuo ng isang magulang at mga anak.
- Maaaring bunga ng pagkabalo, paghihiwalay, o iba pang sitwasyon.

Blended Family

- Nabubuo kapag nag-asawang muli ang isa o parehong magulang at nagsama ang kanilang mga anak mula sa naunang relasyon.

Sa sinaunang lipunan, mahalaga ang pamilya dahil **ito ang pundasyon ng pamayanan**. Ito ang nagbibigay ng proteksyon, kabuhayan, pagkakakilanlan, at nagpapanatili ng kultura at tradisyon ng isang pangkat.

SESYON 3:

PAPEL NG KASARIAN (GENDER ROLES)

5 ANO ANG GENDER ROLES?

GENDER ROLES

Tumutukoy sa

mga tungkulin, responsibilidad, at inaasahang gampanin ng babae at lalaki sa isang lipunan.

Pamilya

Kabuhayan

Komunidad

6 PAPEL NG BABAE

Sa sinaunang Timog Silangang Asya

- Mahalaga sa kalakalan (market women)
- Tagapangalaga ng tahanan
- Kalahok sa ritwal at seremonya
- Sa ilang lipunan, maaaring maging pinuno

MATRIYARKAL

HALIMBAWA

BABAYLAN

Tumutukoy sa espiritwal na pinuno sa sinaunang Pilipinas.

7

PAPEL NG LALAKI

- Pangangaso
- Pangingisda
- Pakikidigma
- Pamumuno
- Pagprotekta sa komunidad

PATRIYARKAL

EGALITARIAN


QUIZ TIME!
MARIS ATLANTICI,
SIVE MAR DEL NORT
Noua Hispania
Florida
Cuba
AUSTRALIS,
MERIDIES.